
| MATATAG K to 10 Kurikulum Lingguhang Aralin | | | | IV |
|---|---|---|---|---|
| | | | | ARALING PANLIPUNAN |
| | | MARCH 10-14, 2025 (WEEK 5) | | Ika-apat na Markahan |

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa mga sagisag ng pagka-Pilipino, karapatan, at tungkulin tungo sa pagbuo ng pagkakakilanlan at kagalingang pansibiko |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakapaglulunsad ng mga gawaing kumikilala at nagsusulong sa karapatan, tungkulin, at pagkakakilanlang Pilipino |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Mga Kasanayan<br>1. Natatalakay ang mga karapatang politikal ng isang mamamayan<br>2. Natutukoy ang mga kaakibat na tungkulin ng bawat karapatang politikal<br>3. Naisasabalikat ang mga tungkulin para sa pagsulong sa karapatan, tungkulin at pagkakakilanlang Pilipino. |
| **D. Nilalaman** | a. Karapatang Politikal<br>b. Mga Kaakibat na Tungkulin ng Karapatang Politikal |
| **E. Integrasyon** | Convention on the Rights of the Child (CRC)<br>Voters' Education<br>Mabuting Pamamahala (Good Governance)<br>Lokalisasyon at Kontekstwalisasyon |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Adriano et.al (2015. *Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral*, Pilipinas: Vibal Group Inc.<br><br>Gabay Pangkurikulum sa Araling Panlipunan. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral.**<br>**Gawain 1. Happy Face or Sad Face (#Alalahanin)**<br>**Panuto: Iguhit ang happy face (   ) kung ang pangungusap ay tama at iguhit naman ang sad face( ☹ ) kung mali.**<br>________1. Si Aling Maria ay ibinilanggo dahil sa pagsasalita niya ng masama laban sa pinakamayamang pamilya sa kanilang lugar.<br>________2. Dahil mahirap lamang Si Mang Jose siya ang napagkamalan na nagnakaw ng alahas ng kanyang kapitbahay.<br>________3. Hindi kayang buhayin ni Ana ang kanyang ipinagbubuntis kaya't ipinalaglag na lamang niya ito.<br>________4. Mabilis na natapos ang paglilitis sa kaso na kinahaharap nina G.. Santos.<br>________5. Pinipilit ng kapitan ng *Barangay Maligaya* na magwalis lahat ng nakatira sa kanilang Barangay.<br><br>**Gawain 2. Larawan-Suri** (#Alamin Mo!)<br>**Panuto.** Piliin sa loob ng kahon ang mga tungkulin na ipinapakita sa mga larawan.<br><br>1. | Sa bahaging ito ng gawain, maaari pang magbigay ng iba pang gawain upang mas madaling maproseso ng mga mag-aaral ang mga konsepto ng aralin.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. ☹<br>2. ☹<br>3. ☹<br>4. ☺<br>5. ☹<br>Ang gawaing ito ay inaasahang magagawa sa loob ng dalawang linggo. |

| | | |
|---|---|---|
| | Mula sa: https://www.pinterest.ph/pin/688698968022245105/ | Ang pagsagot sa maikling balik-aral ay inaasahang gagawin sa pag-uumpisa ng araw na pagtalakay ng aralin.<br><br>Sa bahagi ring ito, ang guro ay may kalayaan ibahin o baguhin ang mga katanungang sa tingin niya ay mas magiging |


| | | |
|---|---|---|
| | **2.**<br><br>Mula sa: https://www.pngwing.com/en/free-png-hyhqu<br><br>**3.** ng<br><br>Mula sa: https://www.freeflagicons.com/country/philippines/home_icon/<br><br>**4.**<br><br>Mula sa: https://www.pinterest.ph/pin/530932243543530968/<br><br>a. Tungkulin ng isang mamamayan na ipaglaban ang kanyang Karapatan.<br><br>b. Tungkulin ng isang mamamayan na magtrabaho upang mabuhay.<br><br>c. Tungkulin ng isang tao na ipahayag ang kanyang opinyon.<br><br>d. Tungkulin ng isang mamamamayan na magkaroon tahanan.<br><br>e. Tungkulin ng mamamayan na makibahagi sa ikakabuti at ikakaganda ng ating kapaligiran. | maunawaan para sa mga mag-aaral (Kontekstuwalisasyon).<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. B<br>2. C<br>3. D<br>4. A<br>5. E |

| | | |
|---|---|---|
| | **5.**<br><br>Mula sa:<br>https://depositphotos.com/vector/children-characters-clea<br>ning-<br>garden-garbage-recycling-concept-ecology-protection-social-c<br>harity- volunteers-clean-park-514893226.html<br><br>**2. Pidbak (Opsiyonal).** | |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Panuto:** Sagutan ang mga sumusunod na pamprosesong tanong at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Ano ang karapatang politikal?<br>2. Ano-ano ang mga kaakibat na tungkulin ng mga mamamayan sa pagtamasa ng karapatang politikal?<br>3. Bilang mag-aaral, paano mo maipapakita ang karapatang politikal sa iyong pamilya, paaralan, at komunidad?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>**Gawain 3. PUNAN MO AKO! (Susing Salita ng Aralin)**<br>Panuto: Buoin mo ang mga salita ayon sa paglalarawan ng pangungusap.<br><br>1. B_T_S * tumutukoy ito sa kumpol ng mga alituntunin sa pag-aasal na nag-uutos o nagbabawal sa isang natukoy na pakikipag-ugnayan. | Maaaring umisip ang guro ng iba pang *technique* upang mailahad ang mga layunin.<br><br>**Mga Tamang Sagot:**<br>1. BATAS<br>2. PAMAHALAAN -<br>3. MAMAMAYAN<br>4. TUNGKULIN<br>5. KARAPATANG POLITIKAL |

| | | |
|---|---|---|
| | 2. PA_A_AL_A_ *tumutukoy ito sa isang katawan o grupo ng mga taong namamahala ng isang komunidad o estado at nag-oorganisa ng sistema nito.<br><br>3. M_M_YA_ * tumutukoy ito sa kasapi ng politikal na pamayanan o komunidad.<br><br>4. _UN_K_LI_ * tumutukoy sa mga bagay na inaasahang magagawa o maisasakatuparan ng isang tao.<br><br>5. K_RA_ATA_G P_LI_IK_L * tumutukoy sa mga karapatan na may kinalaman sa ugnayan at pakikilahok ng mamamayan sa pamahalaan | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Paksa: Ang mga Karapatang Politikal at tungkulin ng isang mamamayan**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>**Ang Karapatang Politikal at Kaakibat na tungkulin**<br>Ang karapatang politikal ay tumutukoy sa mga karapatan na may kinalaman sa ugnayan at pakikilahok ng mamamayan sa pamahalaan. Kasama rito ang mga sumusunod:<br><br>1. Karapatang bumoto<br><br>2. Karapatan sa pagkamamamayan<br><br>3. Karapatang magpetisyon<br><br>4. Kalayaang magsalita, maglibang, at magtipon-tipon<br><br>5. Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas<br><br>6. Karapatang gumanap ng tungkuling pampubliko<br><br>7. Karapatang alamin ang tungkol sa pamahalaan | Maaari pang umisip ang guro kung paano mailalahad ang mga paksa. |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW**<br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay** | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. Karapatang bumoto<br>2. Karapatang magtipon-tipon |

| | | |
|---|---|---|
| | **Tukoy-Karapatan (#Tukuyin mo ang uri ng Karapatan)**<br>**Panuto:** Tukuyin kung anong karapatan ang tinutukoy ng mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.<br>1. Nakibahagi ang iyong ama at ina sa eleksyon.<br>2. Ang grupo nina Gng. Santos ay bumuo ng samahan ng mga kababaihan na may layuning suportahan at protektahan ang mga kababaihan.<br>3. Ang iyong kaibigan ay nakibahagi sa cleaning drive ng inyong barangay.<br>4. Ikaw ay nakikibalita sa mga proyekto at programa ng pamahalaan.<br>5. Ikaw ay nagpapahayag ng sariling opinyon sa social media ng maayos at may paggalang. | 3. Karapatang gumanap ng tungkuling pampubliko<br>4. Karapatang gumanap ng tungkuling pampubliko<br>5. Karapatang magpahayag ng opinyon |

| | | |
|---|---|---|
| | **3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Gawain 4. Karapatan ng mga Bata (#Convention on the Rights of the Child)**<br>**Panuto:** Tukuyin kung anong karapatan ng mga bata ang inilalarawan sa bawat bilang.<br><br>Source: AP4 LM p. 343<br>**Konsepto 2: Tungkulin ng mga Mamamayan**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa**<br>1. Tungkulin ng mga mamamamayan na pangalagaan ang boto. Huwag itong ibenta o gamitin upang mandaya sa eleksyon.<br>2. Tungkulin ng mga mamamayan na alagaan ang pagkamamamayan nito. Magkaroon ng pagkakakilanlan at suporta mula sa gobyerno.<br>3. Tungkulin ng mga mamamayan na ipahayag ang saloobin mula sa mga ipinapatulad ng gobyerno. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. Karapatang mag-aral<br>2. Karapatang isilang<br>3. Karapatang maglaro<br>4. Karapatang ipahayag ang saloobin<br>5. Karapatan sa pagkain ng ligtas at masustansyang pagkain |

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Tungkulin ng mga mamamayan na malayang makapagpahayag ng opinyon sa tama at maayos na paraan. Maaari rin maglibang at magtipon tipon na walang nalalabag na batas.<br><br>5. Ang mga mamamayan ay maaaring bumuo ng mga samahan na may adhikain na magpapaunlad sa kanilang organisasyon na walang nilalabag na batas.<br><br>6. Ang mga mamamayan ay kabahagi sa mga programa ng pamahalaan, kaya't tungkulin nito na tumulong at maging kabahagi sa pagpapatupad ng mga magagandang hangarin at hindi upang makadagdag sa problema nito.<br><br>7. Tungkulin ng mga mamamayan na alamin ang mga tungkol sa pamahalaan, ang mga batas at programa nito, maging kung saan napupunta ang kaban ng bayan.<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**1. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>**Gawain 5. Kaakibat Na Tungkulin (#Ano kaya ang mga ito?)**<br><br>**Panuto: Isulat sa sagutang papel ang mga kaakibat na tungkulin sa mga sumusunod na kalagayan.** | May kalayaan ang guro na magbigay ng marka para sa gawaing ito.<br><br>May kalayaan ang guro sa pagbibigay ng marka para sa gawaing ito. |

| Kalagayan | Kaakibat na Tungkulin |
|---|---|
| 1. Nalalapit na ang eleksiyon. | |
| 2. Si Ela ay bumuo ng samahan sa loob ng paaralan na may mabuting layunin. | |
| 3. May nag-aalok kay Mang Juan ng salapi kapalit ng kanyang boto. | |
| 4. May pumipigil kay Maria na sabihin ang tunay na nangyari sa pagkawala ng pitaka ng kanyang kaklase. | |
| 5. Si Anna ay dumalo sa isang pagtitipon ng mga kababaihan. | |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Gawain 6. Situational Analysis (#Kaya mo ito!)**
**Ano ang iyong gagawin sa mga susunod na sitwasyon? Isulat ang sagot sa sagutang papel.**



| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br><br>Karapatang bumoto ⇨ Tungkulin ng mga mamamamayn na pangalagaan ang boto. Huwag itong ibenta o gamitin upang mandaya sa eleksyon.<br><br>Karapatan sa pagkamamamayan ⇨ - Tungkulin ng mga mamamayan na alagaan ang pagkamamamayan nito. Magkaroon ng pagkakakilanlan at suporta mula sa gobyerno.<br><br>Karapatang magpetisyon ⇨ Tungkulin ng mga mamamayan na ipahayag ang saloobin mula sa mga ipinapatulad ng gobyerno. | May kalayaan ang guro na umisip pa ng ibang paraan upang ibigay ang paglalahat. |
| | Kalayaang magsalita, maglimbag, at magtipon- tipon ⇨ Tungkulin ng mga mamamayan na malayang makapagpanayag ng opinion sat ama at maayos na paraan. Maari rin maglibang at magtipon tipon na walang nalalag na batas<br><br>Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas ⇨ - Ang mga mamamayan ay maaring bumuo ng mga samahan na may adhikain na magpapaunlad sa kanilang organisasyon na walang nilalabag na batas. | May kalayaan ang guro na umisip ng ibang paraan sa pagbibigay ng pagninilay. |

| | | |
|---|---|---|
| | Karapatang gumanap nbg tungkuling pampubliko<br>Ang mga mamamayan ay kabahagi sa mga programa ng pamahalaan, kaya't tungkulin nito na tumulong at maging kabahagi sa pagpapatupad ng mga magagandang hangarin at hindi upang makadagdag sa problema nito.<br><br>Karapatang alamin ang alamin ang mga ukol sa pamahalaan batas at programa<br>Tungkulin ng mga mamamayan na tungkol sa pamahalaan, ang mga nito, maging kung saan napupunta ang kaban ng bayan.<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>Bilang isang mag-aaral, paano mo maisasabalikat ang mga karapatan at tungkulin para sa pagsulong ng iyong komunidad na kinabibilangan? | Maaaring iba't iba ang maging paraan ng pagpapaliwanag ng mga mag-aaral. |

| **IV. EBALWASYON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**Panuto:** Piliin ang letra ng wastong sagot at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Ito ay tumutukoy sa mga karapatan na may kinalaman sa ugnayan at pakikilahok ng mamamayan sa pamahalaan.<br>A. Karapatang pangkabuhayan<br>B. Karapatang panlipunan | **Mga Tamang Sagot:**<br>1.C<br>2. B<br>3. A<br>4. C<br>5. D |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">
C. Karapatang politikal<br>
B. Karapatang sibil<br>
2. Ito ay uri ng karapatan na nagpapakita ng pagkakakilanlan at suporta mula sa pamahalaan.<br>
A. Karapatang magpetisyon<br>
B. Karapatan sa pagkamamamayan<br>
C. Karapatang magsalita, maglibang, at magtipon tipon.<br>
D. Karapatang Bumuo ng samahang hindi labag sa batas<br>
3. Ito ay isang karapatan na nagpapahayag ng saloobin mula sa mga ipinapatulad ng gobyerno.<br>
A. Karapatang magpetisyon<br>
B. Karapatan sa pagkamamamayan<br>
C. Karapatang magsalita, maglibang, at magtipon tipon.<br>
D. Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas<br>
4. Isang uri ng karapatan na kung saan may tungkulin ang mga mamamayan na makapagpahayag ng opinyon sa maayos na paraan.<br>
A. Karapatang magpetisyon<br>
B. Karapatan sa pagkamamamayan<br>
C. Karapatang magsalita<br>
D. Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas<br>
5. Ang uri ng karapatan na kung saan ang mga mamamayan ay maaaring bumuo ng mga samahan na may adhikain na magpapaunlad sa kanilang organisasyon na walang nilalabag na batas.<br>
A. Karapatang magpetisyon<br>
B. Karapatan sa pagkamamamayan<br>
C. Karapatang maglibang, at magtipon tipon.<br>
D. Karapatang bumuo ng samahang hindi labag sa batas<br>
<br>
2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
Gumawa ng isang saknong na tula na may kinalaman sa pagpapahalaga sa mga napag-aralang mga karapatan. Lagyan ng sarili mong pamagat. Gawin mo ito sa sagutang papel.<br>
Pamagat
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td>Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo. Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | **Estratehiya** | | | |
| | **Kagamitan** | | | |
| | **Pakikilahok ng mga Mag-aaral** | | | |
| | **At iba pa** | | | |
| **C. Pagninilay** | Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod? | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |